




IKALAWANG VIRTUAL AGMA NG ZAMECO II, ISINAGAWA



kaligtasan ng mga MCOs, ang pag-sasagawa nito sa pamamaraang on-line, maging sa proseso ng registration at raffle ay kinakailangan.

Ika-4 ng Nobyembre nang inilabas ang paanyaya ukol sa pre-registration nito sa pamamagitan ng isang facebook post na agad namang tinugunan ng mga aktibo at rehistradong miyembro ng kooperatiba. Ang kabuuang proseso sa isinagawang virtual na pagtitipon ay idinetalyeng mabuti upang higit na maunawaan ito ng makakabasa. Isinagawa rin ang pagpapaskil ng mga tarpaulin at flyers sa bawat opisina mula Subic hanggang Cabangan at sa mga pam-publikong lugar. Araw-araw ding nagsagawa ng pag-aanunsyo ukol dito maging sa Radyo Kidlat 98.3 FM. Lahat ng kumpirmadong nagsagawa ng pre-registration ay kinakailangan muling kumpirmahin ang kanilang registration sa araw mismo ng AGMA.

Naging espesyal na panauhin rito ang senador ng ating bansa at ang kasalukuyang Chairman of the Senate Committee on Energy na si Senator Sherwin Gatchalian. Naging

Sa ikalawang pagkakataon ay isinagawang muli ng ZAMECO II ang taunang pagpupulong nito para sa lahat ng member-consumer-owners o ang Annual General Membership Assembly (13th AGMA 2021) noong ika-20 ng Nobyembre, 2021 via virtual platform. Dala pa rin ng layuning mabigyan ng kaukulang impormasyong nararapat malaman

ng bawat miyembro sa kasalukuyang estado ng ating kooperatiba, isinagawa ito sa pamamagitan ng paggamit ng makabagong teknolohiya o ang livestreaming via facebook.

Bunsod pa rin ng pagsunod sa umiiral na protokol ng pamahalaan ukol sa pagpigil ng lalong paglaganap ng Covid-19 sa bansa, at upang maingat din ang kapakanan at

13th Annual General Membership Assembly
NOVEMBER 20, 2021 (SATURDAY)
LIVE Virtual

Rep. Presley C. De Jesus
 PHILRECA Party-List

Rep. Godofredo N. Guyo
 RECOBODA Party-List

Rep. Sergio C. Dogsoo
 APEC Party-List

Rep. Adriano A. Ebos
 Aka Pagsayon Party-List

Emmanuel P. Juaneza
 NEA Administrator


Sen. Sherwin Gatchalian
 Guest Speaker

LIVE ZAMECO II OFFICIAL FACEBOOK PAGE
NOVEMBER 20, 2021 (SATURDAY)
9:00 AM TO 5:00 PM
 Simulcast via Radyo Kidlat 98.3 FM

Find us on Facebook @RadyoKidlat @zameco2official

ZAMECO 2 Watch 2 Win.
Win Brand New Laptop, Cellphone, Bicycle and many more!
Watch. Share. Comment. Win.
 Manood at Manalo ng Papremyong Todo-todo

Registration for Watch 2 Win. is now available
 Visit ZAMECO II FB Page



bahagi ng kanyang mensahe ang pagkilala sa mga naging tagumpay ng ZAMECO II sa pagpapaunlad ng pagbibigay-serbisyo nito sa MCOs, tulad ngpagkakaroon ng sariling *radio station* na “Radyo Kidlat”, pagbibigay tulong sa mahihirap sa pamamagitan ng programang pantawid liwanag, at mga parangal na tinanggap mula sa Philreca. Aniya, “Pagpapatunay lamang na kaagapay kayo ng pamahalaan sa mga susunod pang taon upang mapabuti ang buhay ng ating mga kababayan.”

Naging panauhin rin sa isinagawang virtual program sina Congresswoman Atty. Cheryl Deloso-Montalla, NEA Administrator Emmanuel P. Juaneza, Philreca General Manager/Executive Director Atty. Janeene Depay-Colingan, Advocate for Rural Electrification and Development Edgardo R. Masongsong, NCECCO National Chairman Reynaldo Villanueva, APEC Party-list Representative Sergio Dagooc, Philreca Party-list Representative Presley De Jesus, Recoboda Party-list Representative Godofredo Guya, at Ako Padayon Party-list Representative Adriano Ebcas na pawang nagpadala ng kani-kaniyang pagbati at mensahe para sa ZAMECO II at sa MCOs.

Umabot ng humigit kumulang 100,000 views ang live streaming na ito na nakapagtala ng 9,588 na rehistradong member-consumer-owners sa kabuuan.

ZAMECO II, GINAWARAN NG 24 NA PARANGAL MULA SA PHILRECA

Pinagkalooban ng dalawampu't apat (24) na parangal ng Philippine Rural Electric Cooperatives Association o PHILRECA ang ZAMECO II sa ginanap na Philreca Convention at 42th General Membership Meeting noong nagdaang ika-24 ng Agosto, 2021 via virtual platform. Ginagawaran ang lahat ng 121 electric cooperatives sa bansa batay sa mga naging pagganap at mga aktibidad na nailunsad nito partikular na para sa kapak-

inabangan ng mga member-consumer-owners.

Nakamit ng ating kooperatiba ang mga sumusunod:

1. Paramount Achievement Award
2. Outstanding Performance Award
3. Model Member-EC Award
4. Prompt Payor Award
5. Limelight Award
6. Bronze Stellar Award
7. State of the Art Workplace Award
8. Bring It Beyond Award

9. EC Multimedia Award
10. Making a Difference Award
11. Digital Transformation Award
12. Outstanding Radio Program Excellence Award
13. Outstanding TV Program Excellence Award
14. Champion of Digital Engagement Award
15. Extra Mile Award
16. Heart of the Community Award
17. Kadiwa Ni Ani at Kita Award
18. Bayanihan Award

19. Compassion in the Face of Adversity Award
20. MCO Champion Award
21. One EC Signage Award
22. Ace of Armor Award
23. Leading EC in Health and Wellness Program Award
24. Occupational Safety and Health Excellence Award

Tinanggap ito ng ating kooperatiba sa pangunguna ng mga board of Directors, General Manager at mga Department Managers.



Nagpose ang ZAMECO II Management and Board of Directors sa ginanap na virtual awarding

5,000 PESOS ZAMECO II EDUCATIONAL ASSISTANCE, IPINAMAHAGI SA PRMSU STUDENTS

Castillejos, Zambales -Limampung(50) college students mula sa *President Ramon Mag-saysay State University (PRMSU)* ang tumanggap ng 5,000 pesos para sa Educational Assistance Program ng ZAMECO II noong ika-9 ng Disyembre, 2021.

Ang mga kuwalipikadong estudyante ay mula sa iba't-ibang kampus ng PRMSU na kumukuha ng kurso sa Business and Accountancy, Education, Sciences, Engineering, at ICT. Forty-one (41) sa 50 grantees ay for renewal mula sa nakaarang pay-out (June 10, 2021). Na-maintain nila ang required GWA na 1.75 pataas, samantalang siyam naman ang bago sa batch na ito.

Nagbigay ng maikling mensahe sina Engr Romwil F. de Jesus (General Manager) at Dr. Reynaldo P. De Jesus (Board President), sila ay nagbahagi ng kanilang karanasan noon bilang mag-aaral na mga iskolar din ng ibang institusyon. Kanilang binigyang-diin ang kahalagahan ng pag-aaral upang makamit ang mithiin, lalo na ngayong kaliwa't-kanan ang pag-aalok ng scholarships at educational assistance na siyang nagpapa-gaan sa gastusin sa pag-aaral.

Ang Educational Assistance Program ay bahagi ng Corporate Social Responsibility na kung saan ang mga anak, kapatid, apo o ka-

mag-anak ng member-consumer-owners na may mataas na marka ang qualified recipients.

Maaaring ma-renew ng mga grantees ang kanilang assistance

kapag sila ay nakakuha ng GWA na 1.75 o mas mataas pa. Kapag may nabakanteng slot, ito ay iaalok sa mga nakapag-apply na subalit kinulang lamang sa requirements.



Nagbigay ng mensahe si Engr Romwil F. De Jesus at Dr. Reynaldo P. De Jesus sa mga recipients ng ZAMECO II Educational Assistance

Keep Moving Forward



NEA WELCOMES NEW ADMINISTRATOR

On 18 October 2021, the National Electrification Administration (NEA) welcomed former Department of Energy (DOE) Undersecretary Emmanuel P. Juaneza as the new administrator of the agency.

The NEA Board of Administrators (BOA), through a Special Board Meeting presided by the Chairman, DOE Secretary Alfonso Cusi officially elected Board Member Emmanuel Juaneza as the NEA Administrator.

President Rodrigo Roa Duterte, on 13 October 2021, signed the appointment paper of Juaneza as member of the NEA BOA and his nomination as the NEA Administrator.

Administrator Juaneza, in his message during the agency's flag raising ceremony and Monday convocation via Zoom, enjoined the NEA employees to work together and execute the agency's mandate.

"The job is challenging and I am enjoining everyone that we work together to execute the mandate of the National Electrification Administration with focus on the total electrification of the remaining households across the nation," Juaneza said.

"We are given a certainly daunting schedule, telling us to accomplish 100-percent total electrification by end of President Duterte's office," he added.

Prior to his appointment as the NEA Administrator, Juaneza, a professional mechanical engineer, served as the DOE Undersecretary supervising the Electric Power Industry Management Bureau and the Renewable Energy Management Bureau.

He was also designated as Energy Secretary Alfonso G. Cusi's Alternate Chairman to the NEA BOA and Alternate Representative to the Boards of National Power Corporation (NPC), National Transmission Corporation (TRANSCO), Power Sector Assets and Liabilities Management (PSALM) and the National Renewable Energy Board (NREB). Before his stint at the DOE, he was a Board Member of the Technical Education and Skills Development Authority from September 2016 to September 2019.



PRESIDENT APPROVES RELEASE OF P120-MILLION FUNDS FOR NEA'S ELECTRIFICATION PROJECTS


NEA has welcomed the approval of President Rodrigo Duterte to release funds for the implementation of the agency's rural electrification projects in the countryside.

The approved funds, which amount to P120 million, are contained in Republic Act (RA) No. 11518 or the 2021 General Appropriations Act (GAA), intended for the installation of solar panels on 44 public schools in four provinces.

The P120-million electrification funds are broken down as follows: P20 million for 11 public schools in the provinces of Ilocos Norte, Cebu and Nueva Ecija; and P100 million for 33 public schools in Lipa City, Batangas.

This solar project aims to generate savings by sourcing a portion of the schools' electricity demand from solar rooftops and to mitigate climate change through the utilization of indigenous renewable energy sources.

Under 2021 GAA, the NEA was also allotted P1.628 billion for the continued implementation of the Sitio Electrification Program (SEP); and P750 million for the Electric Cooperatives Emergency and Resiliency Fund (ECERF).



NEA CITES EC LINE WORKERS' INVALUABLE CONTRIBUTION TO RURAL COMMUNITIES

On August 2, NEA joined the Philippine Rural Electric Cooperatives Association, Inc. (PHILRECA) and the 121 ECs in observing the National Linemen Appreciation Day. This activity, which was held virtually, paid tribute to the line workers of the ECs nationwide citing their invaluable contribution to social and economic development in rural communities.

In his message, Masongsong recognized the dedication and hard work of EC line workers, who often endure challenging conditions and long hours to keep the lights on in the rural communities, especially amid the COVID-19 pandemic.

"We also recognize your valiant efforts which allow the continuous operation of essential power services amid the COVID-19 pandemic. You are the 'unsung' heroes who contributed necessary actions for the community to move forward," the NEA chief said.

Masongsong also paid tribute to fallen line workers, who died while performing their duties.

Meanwhile, the NEA welcomed the approval on third and final reading at the House of Representatives of House Bill No. 9489, or the Linemen Appreciation Day Act, and House Bill No. 9524, or the Line Worker Insurance and Benefits Act.

House Bill No. 9489 seeks to declare the first Monday of August every year as National Linemen Appreciation Day in recognition of their invaluable contribution to "nation-building" and "sustainable rural development through total electrification of the countryside."

The bill mandates the NEA, in coordination with other stakeholders in the power industry, to celebrate the day with the conduct of an annual national convention and activities, such as trainings, seminars, and learning sessions.

House Bill No. 9524, on the other hand, mandates the employers to provide for life and accident or disability insurance and benefits to all line workers.

Masongsong said the passage of House Bills 9489 and 9524 by the House of Representatives is a welcome development, and expressed hope the Senate will sponsor the same measures.

"We thank the Congress and the Power Bloc



**KEEPING THE ALLIANCE
STRONG IN PURSUIT OF
RURAL ELECTRIFICATION**



FIND US ONLINE FOR MORE INFORMATION

[f @OfficialNEA](https://www.facebook.com/OfficialNEA) [@nea_ph](https://www.twitter.com/nea_ph) www.officialneaportal.com www.officialneaportal.com

KADIWA NI ANI AT KITA, MULING UMARANGKADA!

Muling umarangkada ang Kadiwa ni Ani at Kita sa ZAMECO II offices (San Antonio at Castillejos) noong (Nobyembre 11, 12, 25, 21 at Disyembre 9, 10, 15, 16 taong 2021).

Ang Kadiwa ay programa ng Department of Agriculture na naglalalayong mas palakasin ang mga farmers, local growers at producers. Nagiging mas mura at sariwang produkto sapagkat inihahain sa mga mamimili ang mga produkto ng hindi dumadaan sa middleman – na syang nagdadagdag pa sa

presyo ng bilingin. Sinusuportahan rin ng programang ito na maipakilala ang produkto ng Zambales upang tangkilikin ng mga mamimili.

Ayon sa datos ng Provincial Agriculture Office (Iba, Zambales) umabot sa bilang na mahigit sa 20 ang sumaling merchants sa magkakahiwalay na schedule at umabot sa mahigit 150,000 ang kinita ng mga ito.

Ilan sa mga produktong ipinagbili ay mga gulay, prutas, isda, live-stock (free range chicken), fruit wine, daing, mango-processed delicacies, at mga halaman.

Ang Kadiwa ni Ani at Kita ay naisakatuparan sa pakikiisa ng National Electrification Administration (NEA), Philippine Rural Electric Cooperatives Association (PHILRECA) at ng ZAMECO II.



Nasa larawan ang Kinatawan ng Provincial Agriculture Office at sina Henry O. Daquinag II at Dianne Del Rosario (ISD-ZAMECO II)



SYMPOSIUM SA RA 11361, NAISAKATUPARAN!

Stakeholders' Symposium cum MCO Conference 2021

RA 11361 "Anti-Obstruction of Power Lines Act"

September 9, 2021
1 PM to 5 PM
Via Zoom



Isinagawa ang kauna-unahang Stakeholders' Symposium noong ika-9 ng Setyembre, 2021 para sa paksang Republic Act 11361 o Anti-Obstruction of Power Lines Act ng 2019 via virtual platform na zoom at live sa Facebook page.


Naging resource speaker si Engr Jaime V. Mendoza, PEE, FIIEE, ACPE, kasapi ng Professional Regulatory Board for Electrical Engineering at Chairman, Distribution Management Committee. Kanyang ipinaliwanag at ibinahagi ang kaalaman sa bawat bahagi ng batas na ito.

Matatandaan na noong Agosto 8, 2019 pa nalagdaan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang batas na ito subalit marami pa rin ang hindi nakakaalam at lumalabag rito.

Ang RA 11361 ay naglalayong mabawasan ang mga power service interruption na kadalasan ay dala ng gawaing pag-a-adjust ng power lines dahil sa mga itinatayong istruktura. Ngayon, dahil sa batas na ito, ang mga Power Lines Owners (PLO) ay binibigyan ng proteksyon ng batas na ito patungkol sa mga *hazardous improvements* o structures sa ilalim ng *Power Line Corridor* (PLC).

Dinaluhan ito ng mga Brgy Officials mula sa 111 na Barangay na nasasakupan ng ZAMECO II, Subic hanggang Cabangan. Duma-lo rin ang *representatives* mula sa mga *Municipal Disaster Risk Reduction Office, Municipal Environmental and Natural Office, Municipal Engineering Office, Philippine National Police, Bureau of Fire Protection, Provincial Engineering Office, Provincial Environmental and Natural Office, at National Electrification Administration (NEA)*. Present rin ang lahat ng ZAMECO II Board of Directors, Management and Staff at mga kawani na concerned sa implementasyon ng batas na ito.

Ang *symposium* ay proyekto ng *Consumer Organization and Development Division* sa ilalim ng *Institutional Services Department (ISD)* bilang *Information, Education and Communication Program (IEC)*.



Summary of RA 11361

• FULL TITLE:

AN ACT ENSURING THE CONTINUOUS AND UNINTERRUPTED TRANSMISSION AND DISTRIBUTION OF ELECTRICITY AND THE PROTECTION OF THE INTEGRITY AND RELIABILITY OF POWER LINES, AND PROVIDING PENALTIES FOR VIOLATIONS THEREOF

• Signed into law by President Rodrigo R. Duterte on **8 August 2019**

• The Implementing Rules and Regulations was signed by Department of Energy Secretary Alfonso G. Cusi on **06 February 2020** as **Department Circular No. DC2020-02-0002**

• Essence of the law:

- Prohibits planting of tall growing plants, constructing hazardous improvements, and conducting of any hazardous activities within the power line corridor; and
- Outlines the responsibilities of owner or operator of power lines in the prevention and removal of power line obstructions located within any public or private property.



ZAMECO II AT ECS SA REGION III TUMULONG SA COOP NA APEKTADO NG BAGYONG ODETTE

Concepcion, Tarlac - Anim na linemen, isang Crane at isang Utility Vehicle ang ipinadala ng ZAMECO II para sa Central Luzon Contingents sa Task Force Kapatid noong Disyembre 28, 2021.

Ang ZAMECO II Lineworkers ay tumungo muna sa Tarlac 2 *Electric Cooperative (TARELCO II)* para sa send-off ceremony kasama ang 13 pang *Electric Cooperative sa Central Luzon* na biyahe by land at by sea sa loob ng apat na araw patungong Cebu at Negros Oriental.

Sa kabuuan, 93 na line workers, 22 *heavy equipment* at *service vehicle* ang ipinadala ng Central Luzon.

Sila ay via land travel sa Camarines Sur (Disyembre 29, 2021 9:00 umaga) papuntang Irosin, Sorsogon (December 29, 2021 4:00 ng hapon) kung saan sila ay pinatuloy ng SORECO I. Disyembre 30, 2021 4:00 ng umaga, sila ay nakarating sa Port of Matnog (Sorsogon) kung saan sila ay bibiyahe via roro papuntang Port of Ormoc (Disyembre 31, 8:30 ng hapon). Enero 1, 2022

sila ay nakarating na sa Cebu at sa laot sila naabutan ng Bagong Taon, Nakarating sila sa Negros Oriental, 10:00 ng hapon sa parehong araw, kung saan sila ay naassign sa Negros Oriental I Electric Cooperative, INC (NORECO I).

Ang Task Force ay tatagal ng 30 araw sa inisyal na plano, subalit maaaring magtagal kung kinakailangan. Ayon sa PHILRECA maraming Electric Cooperatives sa Bohol, Siargao, Dinagat Islands, Negros Oriental, Surigao del Norte, Surigao



del Sur, at Southern Leyte ang hindi pa nakakabalik ang distribusyon dahil sa mga pinsalang natamo sa hagupit ng bagyong Odette.

Nasa larawan sina Engr Romwil F. de Jesus, General Manager at Engr Albert Farnal, Technical Services OIC, Angelyn N. Antonio, CPA, Institutional Services Manager na nagbigay ng mga bilin sa mga lineworkers at nag-alay ng panalangin sa kanilang pagtungo sa kanilang misyon.

Ang ZAMECO II Contingents ay binubuo nina:

- Larry Ventura (Foreman)
- Arden Vigilia (Heavy Equipment Operator)
- Linemen:
 - a. Cydric Ting
 - b. Jayson Urbano
 - c. Rowel Gelacio
 - d. Francis Cris Fontillas

BLACK FRIDAY PROTEST, PATULOY NA ISINASAGAWA NG ELECTRIC COOPERATIVES

Sa pangunguna ng Philippine Rural Electric Cooperatives Associations, Inc. o PHILRECA, ipinakita ng mga Electric Cooperatives ang kanilang pagkakaisa sa pamamagitan ng Black Friday Protest o pagsusuot ng itim na damit tuwing Biyernes na sinimulan noong Mayo 14, 2021. Sa pagbubukas nito, ang Solidarity Prayer ay isinagawa ng bawat Electric Cooperative sa kanya-kanyang opisina. Kalakip nito ang pagsusumamo sa Panginoon na gabayan ang bawat kooperatiba sa pagharap sa mga pagsubok at problema na ngayon ay nararanasan sa sektor ng Rural Electrification lalong-lalo na sa Benguet Electric Cooperative (BENECO) at mga Electric Cooperatives sa Negros Island, gayundin ang Northern Davao Electric Cooperative (NORDECO).

"Panginoon, lalo niyo pa po sanang gabayan ang lahat ng electric cooperatives na walang ibang hangad kundi ang magbigay ng serbisyong dekalidad para sa mga

member-consumer-owners. Patatagin at gabayan niyo po lalo ang BENECO at mga electric cooperatives sa Negros Island upang lampasan ang kahit anong hrap o pagsubok na kanilang pagdaraan. Patatagin po ninyo ang NORDECO na kasalukuyang nakararanas ng panggigipit mula sa mga malalaking korporasyon at maiimpluwensyang tao sa lipunan na nagnanais kunin at sakupin ang pamamahala sa nasabing kooperatiba para sa makasariling layunin at pansariling kitang-pinansyal at mga layuning hindi makakabubuti sa aming mga member-consumer-owners." Ito ay

bahagi ng panalangin ng bawat kooperatiba.

Ang Black Friday Protest na isinasagawa ng mga koop ay makikita sa social media o facebook page at website ng asosasyon ng electric cooperatives.

Patuloy pa rin ang aktibidad na ito hanggang sa kalukuyan upang ipakita ang pagkakaisa at katatagan ng mga kooperatiba na hindi kailanman susuko anumang laban ang kinakaharap at kakaharapin pa sa mga susunod na araw, para sa layuning makapagbigay at mapabuti ang pagbibigay-serbisyo sa mga member-consumer-owners.



IKA-APAT NA PROGRAMA NG PANTAWID LIWANAG, MULING HANDOG NG PHILRECA

Sa pangunguna muli ng asosasyon ng lahat ng *electric cooperatives* sa bansa o ng *Philippine Rural Electric Cooperatives Association (PHILRECA)*, nailunsad sa ikaapat na pagkakataon ang Pantawid Liwanag Program noong ika-22 ng Oktubre 2021 na naglalayong makapagbigay-ayuda sa mga kababayan nating lubos na naapektuhan ng pandemya.

Matatandaang unang nailabas ang programang ito noong taong 2020 bilang pakikipagkaisa ng mga electric cooperatives sa dinaranas na krisis ng bansa sanhi ng pandemya. Pinangunahan ito ng PHILRECA at ng *National Association of General Managers of Electric Cooperatives* o NAGMEC na naaayon sa kanilang misyon na makapagbigay ng serbisyo sa mga konsyumer. Upang mapagaan ang bayarin sa kuryente ay nag-access ng pondo para sa implementasyon nito sa pakikipagtulungan na rin ng Department of Social Welfare and Development o DSWD.

Katuwang ang mga MCO Organization Chairman sa bawat bayan ay kinalap ang mga pinakamahirap sa mahihirap nating mga kababayan na siyang magiging benepisyaryo ng nasabing programa.

312 na MCOs ang nabigyan ng tatlonglibong piso (Php3,000) kung saan ang Php1,500 na nantanggap ay para sa ating mga MCOs at Php1,500 ay inilaang pambayad para sa kanilang konsumo sa kuryente. Isinagawa ang pay-out sa tatlong magkakaibang lugar – Mangan-vaca Service Center Subic, Main Office, Nagbunga, Castillejos at San Felipe Collection Office, Brgy. Rosete, San Felipe upang maiwasan ang pagtitipon ng maraming bilang ng tao at mapanatili din ang pagsunod sa minimum health protocol.



PLP 4 Pay-out sa Mangan-Vaca Service Center, Subic, Zambales



PLP 4 Pay-out sa San Felipe Collection Office, Brgy. Rosete, San Felipe, Zambales



PLP 4 Pay-out sa Main Office, Nagbunga, Castillejos

MEDICAL ASSISTANCE NG PHILRECA PARTYLIST PARA SA IP, INILUNSA NA

Sa pamamagitan ng ZAMECO II at tulong pinansiyal ng PHILRECA upang makapag abot ng serbisyong medikal, inilunsad ang *medical assistance fund*. Ito ay naisakatuparan sa pagbibigay daan ng DOH at ng Office of the Governor ng Zambales Provincial Office na mailagak ang serbisyong nagkakahalaga ng Php400,000.00 sa *district hospital* ng San Marcelino.

Ang ZAMECO II ay ang siyang nangasiwa sa pagpaparating ng serbisyong ito. Ang mga sumusu-

nod ang siyang hakbang upang ma avail ito, a. Residente ng *franchise area* (Subic to cabangan), b. Kabilang sa indigenous people, c. *Emergency transfer* na 'di maaaring magamit ang Philhealth. Ito ay maaaring magamit sa laboratoryo, *emergency assistance*, check up at mga maaaring makabawas sa kakulangan sa pinansiyal na pang medikal. Ito ay pang abot tulong sa kakulangan ngunit hindi sa kabuuang gastusin.

Tayo ay may *focal person* sa

MSWD na si Mr. Jireh Taganap na nakikipag-ugnayan sa ating *company nurse* para sa mga serbisyong medikal na ipoproseso upang ito ay maipasok sa MaiP fund. Nakapagpasok na tayo ng labing-walong *beneficiaries* mula noong nailunsad ito ng unang linggo ng Disyembre 2021 hangang Enero 9, 2022 na nagkakahalaga ng 75,000.00. Malugod po naming ipapaabot ang serbisyong medikal para sa ating mga kapos sa pagtugon sa kanilang kalusugan kasama ang PHILRECA at ating mga frontliners.

TREE PLANTING AT LINE CLEARING, ISINAGAWA SA SELEBRASYON NG 12th NEAM

Sa pakikiisa ng ZAMECO II sa selebrasyon ng 12th National Electrification Awareness Month (NEAM) na ginugunita tuwing buwan ng Agosto, na ngayong taon ay mayroong tema na "*NEA-EC: Arise as One Championing National Development and Building Sustainable Communities through Rural Electrification*", ginanap noong Agosto 11, 2021 ang *EC Simultaneous Line Clearing*.

Ang Line Clearing o ang pagtatabas sa mga sanga ng puno ay ginanap sa Brgy. Sto. Niño, San Felipe sa pagtutulongan ng *Technical Services Department at Area Operations Department* na umabot sa 8km ang nalinisang linya.

Bilang bahagi rin ng 12th National Electrification Awareness Month, kasama ang mga empleyado ng ZAMECO II ay idinaos naman noong Setyembre 23, 2021 ang *Tree Planting Activity* sa Brgy. San Rafael, San Felipe.

Ang NEAM ay programa ng *National Electrification Administration* na ginugunita sa buwan ng Agosto at lahat ng 121 electric cooperatives sa bansa ay naglulunsad



Line Clearing activity na idinaos sa Brgy Sto Niño, San Felipe noong Auguts 11, 2021

ng iba't-ibang gawain kasama na ng nationwide line clearing at tree planting activities. Ang gawaing ito ay alinsunod sa *Proclamation No.*

1743 sa pagkilala ng kontribusyon ng NEA at ng mga *Electric Cooperatives* sa pagkamit ng Total Rural Electrification.

METER READING NG BAPA, HI-TECH NA!

Isinagawa ang BAPA Assembly noong Oktubre 30, 2021 kung saan inaprubahan ng pamunuan ng ZAMECO II ang pagbibigay ng gadget para sa pagbabasa ng metro (meter reading). Ito ay isang maka-bagong paraan upang mas mapadali ang pagbabasa ng nakonsumong kuryente sa bawat tahanan na kabilang sa Barangay Power Association (BAPA).

Dito ay itinuro ng ZAMECO II sa mga opisyaes ng BAPA at tagapagbasa ng bawat metro ang tamang paggamit sa gadget. Isang hakbang para sa pagbabago na kung saan dati ay manual na isinasagawa at isinusulat lamang sa kada kard ang pagbabasa, ngayon ay awtomatiko ng babasahin ng gadget ang metro para sa mas madaling pagbi-billing nito.

Sa ngayon ay may labing-walo na ang bilang ng BAPA. Apat dito ay nagmula sa Bayan ng Subic: ang Marian Hills ng San Isidro, Alibang at Tibag ng Naugsol at



Nasa larawan ang orientation para sa paggamit ng meter reading gadget sa ginanap na BAPA Conference 2021

Gala ng Aningway-Sacatihan. Sa Bayan ng San Marcelino naman ay ang BAPA Aglao at Buhawen sa Camalca Buhawen, BAPA I-long at O-it sa Sta. Fe. BAPA SANAMPA at Mabato naman sa bayan ng San Narciso. Ang may pinakamaraming bilang ay mula sa Bayan ng San Felipe at ito ay ang Dos, Tek-tek, Linasin, Cabaruan, Paite/Balincaguin, Sagpat at Laoag ng

Maloma. Talisay ay mula naman sa bayan ng Cabangan.

May kabuuan na 2,500 ang bilang ng aktibong member-consumer-owners ng BAPA, at kaagapay sa pagtaguyod ng kooperatiba tungo sa makabagong hakbang para sa pag-angat at pagpapabuti ng pagbibigay ng serbisyo at liwanag para sa lahat ng member-consumer-owners ng ZAMECO II.

INTER-SCHOOL ICT CHALLENGE COMPETITION PARA SA SENIOR HIGH SCHOOL

Pitong Public Senior High School at dalawang Private Senior High School ang kumasa at tinanggap ang hamon ng pagsali sa Inter-school ICT Challenge na inilunsad ng ZAMECO II bilang bahagi ng MCO engagement activity para sa pagdiriwang ng kooperatiba sa ika-37 taong anibersaryo nito. Ang kompetisyon ay binuksan para sa mga mag-aaral sa senior high school level na may angking talento sa paglikaha ng mga infomercial production gamit ang iba'tibang platforms.

Ito ay mga paaralan ng:

1. San Rafael Tech Voc High School (San Felipe)
2. San Isidro High School (Subic)
3. San Guillermo National High School (San Marcelino)

4. La Paz National High School (San Narciso)
5. San Antonio National High School
6. Subic National High School
7. Jesmag Tech Voc (Castillejos)
8. Immaculate Concepcion Academy (Cabangan)
9. Saint Williams School (San Marcelino)

Ika-18 ng Setyembre 2021 nang ilabas sa pamamagitan ng isang facebook post mula sa Radyo Kidlat 98.3 FM page ang detalye ukol sa kompetisyon. Ang mga paaralan ay maglalaban-laban sa paggawa ng infomercials na may apat na kategorya:

1. Video Production - Live Action
2. Video Production - Animation
3. Radio Infomercial (Voice Act)
4. E-komiks



Sa pamamagitan ng draw lots na ginawa kasama ang mga representante ng bawat paaralan, nabigyan sila ng kaukulang tema sa bawat kategorya na kanilang ipapasa. Ang mga temang ito ay may kaugnayan rin sa mga paksang naaayon sa ipinatutupad at ipinapaliwanag ng kooperatiba gaya ng:

1. Energy Saving Tips
2. Types of Power Interruption (Scheduled/Unscheduled)
3. RA 7832 – Anti Pilferage Act
4. Safety Tips
5. Hazard Prevention (Dos and Donts)
6. ZAMECO II Profile
7. RA 11361 - Anti Obstructions Power Lines Act
8. Power Generation-Transmission-Distribution Flow

Sa isinagawang aktibidad na ito ay nagkaroon na ang kooperatiba ng mga materyal na magagamit sa Information/Education and Communication (IEC) Programs. Gayundin ang layuning malinang ang talento ng mga mag-aaral sa paglikha ng infomercial, itaas ang kaalaman ng mga kabataan ukol sa operasyon ng kooperatiba at mabigyan sila ng tulong pinansyal.

Ika-8 ng Oktubre, 2021 ng isagawa sa Main Office ng ZAMECO II ang paghusga sa bawat likha ng mga mag-aaral kasama ang mga hurado mula sa ibat-ibang departamento ng ZAMECO II, General Manager at



isang Public School District Supervisor na si Mr. Nestor N. Balois.

Ika-14 ng Oktubre, 2021 ginanap ang Awarding Ceremony para sa ICT Challenge kung saan nagwagi at nagkamit ng papremyo ang mga sumusunod na paaralan:

Video Production - Live Action

- Champion - Saint Williams School (10,000)
- 1st Place – La Paz National High School (7,000)
- 2nd Place – Subic National High School (5,000)
- MCO Choice – San Antonio National High School (2,000)

Video Production - Animation

- Champion - Saint Williams School (10,000)
- 1st Place – San Guillermo National High School (7,000)
- 2nd Place – Jessmag Tech Voc High School (5,000)

- MCO Choice – Saint Williams School (2,000)

Radio Infomercial (Voice Act)

- Champion - San Guillermo National High School (5,000)
- 1st Place – San Rafael Tech Voc (3,000)
- 2nd Place – Immaculate Conception Academy (2,000)
- MCO Choice – Saint Williams School (2,000)

E-komiks

- Champion - Saint Williams School (7,000)
- 1st Place – San Rafael Tech Voc (5,000)
- 2nd Place – San Guillermo National High School (3,000)
- MCO Choice – San Antonio National High School (2,000)

Over-all Champion – Saint Williams School (5,000)

PINNING OF RANKS NG ZAMECO II – PAARU, PINASINAYAAN

Nobyembre 30, 2021, ginanap ang Pinning of Ranks ng ZAMECO II Philippine Army Affiliated Reserve Units (PAARU) sa ZAMECO II Main Office, Castillejos, Zambales.

Pinasinayaan ni MGEN Fernando V. Felipe, PA - Commander, ARESCOM ang pinning of Ranks Insignias ng mga bagong incorporated PAARU mula sa ZAMECO II. Kasama rin sina COL. Roberto B. Sarmiento – GROUP COMMANDER, 3RCDG, COL Enrico T. Yuzon PA (RES) - COMMANDER, 1603RD BDE RRIBn, LTC, Wilma D. Billman





SC PA (RES) - COMMANDING OFFICER, 306TH ZAMBALES, RRIBn, MSG at Romwil F. De Jesus PA (RES) - ZAMECO II General Manager na nag-pin ng mga ranggo.

Ang lahat ng opisyal at empleyado ng ZAMECO II ay enlisted personnel sa PAARU. Pebrero 16, 2019 nang magsimula ang Military Orientation Training ng ZAMECO II at opisyal na nagtapos noong June 27, 2020.

Nagbigay ng mensahe si MGEN Fernando V Felipe, PA na siya ring pangunahing panauhing panda-ngal sa programa na nagsaad ng paghanga sa ZAMECO II na tumutugon sa tawag ng tungkulin lalo na sa oras ng kalamidad, ito, ayon sa kanya, ay katangian ng sundalong naglilingkod sa bayan at sa kapwa Pilipino.

LIGA NG SUBIC AT ZAMECO II, DUMALO SA DAYALOGO

Castillejos, Zambales - Ginanap noong ika-16 ng Hunyo 2021, ang dayalogo sa pagitan ng ZAMECO II Management at Liga ng mga Barangay sa Bayan ng Subic, Zambales. Ang liga ay pinangunahan ni PB Rowena Sawey mula sa Brgy San Isidro, Subic na tumatayang Association of Barangay Captains (ABC) President.

Mula naman sa ZAMECO II, dinaluhan ang request na ito nila Dir Ryan Gonzales kinatawan ng Bayan ng Subic, Engr Romwil F. De Jesus (General Manager), Engr Albert A. Farnal (Technical Services Department - OIC), Dario Alumppe (Area Operations Department - South Manager) at Henry O. Daquinag II (Consumer Organization and Development Division - ISD).

Idinulog ng liga ang mga kanilang mga nais para sa kanilang nasasakupan gaya ng mga posteng kailangang mailpat, mga linyang mabababa o sagabal, *disconnection policy* at *penalty* sa mga delinquent consumers. Kasama rin sa naging pagpupulong ang



usapin sa requirements for new connection na kung saan nahihirapan ang ibang konsyumer na magpakita ng "Proof of Ownership"

Sa kabuuan, naging makabuluhan ang dayalogo at nabigyan ng atensyon ang mga hinaing na idinulog ng Liga sa ZAMECO II.

400 PIRASONG PAPREMYO, IPINAMI-GAY SA ZAMECO II WATCH2WIN

Laptop, TV at Refrigerator. Ilan lang yan sa mga papremyong ipinamigay sa Watch2Win portion ng 13th AGMA ng ZAMECO II na ginanap noong Nobyembre 20, 2021.

Bago pa man ang petsa ng AGMA, nagkaroon na ng pre-registration para sa Watch2Win portion na nagsimula noong Nobyembre 04, 2021. Nagbigay ang ZAMECO II ng impormasyon at mechanics kung paa-no magpaparehistro ang mga MCO sa pamamagitan ng kanilang opisyal na facebook page. Kaakibat din ang opisyal na facebook page ng 98.3 Radyo kidlat

at mga DJs nito sa pagpapakalat ng impormasyon patungkol sa AGMA.

Noong mismong araw ng AGMA, umabot sa 9,588 accounts ang nairehistro. Sa mismong oras ng raffle, kinakailangang nakatutok ang mga registrants sapagkat tatawagan sila ng mga kawani ng ZAMECO II gamit ang mobile number na kanilang inirehistro. Itatanong sa kanila ang code na naka-flash sa live streaming at kinakailangang masambit nila ito upang tuluyang manalo. Umabot sa 400 pirasong papremyo ang ipinamigay. Binigyan ng tatlong araw ang mga masuswer-teng MCOs na nanalo upang makuha ang kanilang papremyo.

Narito ang listahan ng mga papremyo:

Item	Count Per District	Total
HP laptop	1	8
Smart TV 32 inches w/ free wall bracket	1	8
Fujidenzo 2 Door Refrigerator	1	8
Samsung A12 Smart phone	1	8
Mountain Bike with free accessories	1	8
Fujidenzo Twin Tub Washing Machine	1	8
Grocery basket	20	160
16" Stand fan	2	16
Rice Cooker (10 cups)	2	16
25 kg Rice	20	160
Total		400

PAPREMYO SA RESIBO 2021

Ayon nga sa batikang manunulat ng dula sa kasaysayan na si William Shakespear, "Better three hours too soon than a minute too late."

Gift Certificates ang sumalubong bilang papremyo sa mga maswerteng konsyumer na nanalo sa Prompt Payor Raffle 2021 ng ZAMECO II.

Sa pakikipagtulungan ng mga "partner stores" (Leslie Store para sa



Cabangan, Zambales, AJ Marketing para sa San Felipe at San Narciso, Veejay Minimart para sa San Antonio, Rodriguez Supermarket para sa San Marcelino, Ramrod Grocery para sa Castillejos, at ng Waltermart Supermarket para sa Subic) matagumpay na naisakatuparan ang programang *Prompt Payor Raffle 2021* na sinali-han ng mga konsyumer sa nasasa-

kupan ng ZAMECO II, partikular na nga ang mga bayan ng Subic, Castillejos, San Marcelino, San Antonio, San Narciso, San Felipe, at Cabangan sa probinsya ng Zambales.

Ang naturang programa ay nag-simula noong ika-20 ng Disyembre 2021 hanggang ika-7 ng Enero taong 2022 na kung saan ang lahat ng konsyumer na nagbayad ng mas

maaga sa kanilang nakatakdang petsa ng pagbabayad sa bayarin sa buwan ng Disyembre ay magkakaroon ng isang "raffle entry".

Araw-araw, sa durasyon ng programa, walumpung (80) masuswer-teng ZAMECO II konsyumer ang binunot (via *electronic raffle*) na siyang pagkakalooban ng GC bilang papremyo sa naturang programa.

ZAMECO II, SINUSPINDE PA DIN ANG UC-SCC AT EC

Patuloy ang pagsuspinde ng Zambales II Electric Cooperative, Inc. (ZAMECO II), hanggang sa kasalukuyan, ang pangongolekta nito ng ilang mga *Universal Charges (UC)* sa mga konsyumer, partikular na nga ang *Stranded Contract Cost (SCC) at Environmental Charge (EC)*.

Ang mga nabanggit na suspensyon sa koleksyon ng *Universal Charges* ay nangangahulugang kabawasan sa bayarin sa kuryente ng mga konsyumer ng ZAMECO II. Mapapansin ito kung inyong sisiyasatin ang inyong mga "power bill" sa lahat ng buwan ng taong 2021 sa seksyong "Government Revenue" kung saan makikita ang *NPC-Stranded Contract Cost at Environmental Charge*.

Ang naturang pagsuspindeng ito ay bilang pagtalima pa din sa direktiba ng *Energy Regulatory Commission (ERC)* sa kanilang "Order" kalakip ng Case No. 2011-091 RC, na kung saan binigyan ng kautusan ang *Power Sector Assets and Liabilities Management (PSALM) Corporation* na itigil ang paniningil ng *Universal Charge - Stranded Contract Cost (UC-SCC)* sa mga konsyumer ng kuryente sa bansa.

Kamakailan din ay ipinatupad ng gobyerno ang Republic Act 11469 o ang "Bayanihan to Heal as One Act" bilang hakbangin upang kahit paano ay maibsan ang paghihirap ng mga Pilipino, partikular na dito ang obligasyon sa pagbabayad ng kuryente, sa pananalasa ng pande-

myang COVID19 na hanggang sa kasalukuyan ay patuloy ang paninira hindi lamang sa ekonomiya ng bawat bansa, kung hindi pati na rin mismo sa buhay ng sangkatauhan.

Alinsunod sa naturang batas, ipinag-utos ng Energy Regulatory Commission sa kanilang "Advisory" ang pagsuspinde ng koleksyon ng *Environmental Charge (EC)* mula sa mga konsyumer ng kuryente. Ang suspensyong ito ay magpapatuloy hangga't walang abiso ang ERC.

Hanggang sa kasalukuyan, hindi naniningil ang ZAMECO II ng *Stranded Contract Cost at Environmental Charge* sa mga konsyumer alinsunod na rin sa ipinag-uutos ng ERC.

Ang SCC at EC ay ilan lamang sa mga kasalukuyang inaprubahang *Universal Charges* ng ERC. Kinakailangan muna ng pagpapasiya at pagsang-ayon ng ERC bago maisakatuparan ang paniningil ng anumang klase ng UC.

ZAMECO II, NANATILI SA ₱0.0983 NA FIT-ALL

Alinsunod sa desisyon ng *Energy Regulatory Commission (ERC)*, ang pamunuan ng Zambales II Electric Cooperative, Inc. ay nananatili sa "rate" na ₱0.0983 ng paniningil nito ng FIT-All. Nagsimula ang paniningil na ito sa buwan ng Enero 2021 hanggang sa kasalukuyang buwan ng taon.

Halimbawa, kung ang isang konsyumer ay kumukonsumo ng 100kwh kada buwan, siya ay magkakaroon ng karagdagang bayarin na ₱9.83 bilang FIT-All ($100 \times 0.0983 = 9.83$). Mapapansin ito kung sisiyasatin ang inyong mga "power bill" sa lahat ng buwan ng

taong 2021 hanggang sa kasalukuyan sa seksyong "Government Revenue" kung saan makikita ang *Feed-In Tariff Allowance*.

Ano nga ba ang Feed-In Tariff Allowance o FIT-All?

Ang mekanismo ng FIT-All ay nilikha pagkatapos maisabatas ang Renewable Energy Act of 2008, na naglalayong hikayatin ang pagbuo ng umuusbong na mga bagong mapagkukunan ng enerhiya tulad ng *wind*, solar, run-of-river hydro, at mga pasilidad ng biomass.

Ang FIT-All ay pantay na sinigil sa pisong bawat kwh na babayaran ng lahat ng mga gumagamit

ng kuryente na kinakalkula at itinatukda taun-taon. Ang mga Distribution Utilities (DUs), ang National Grid Corporation of the Philippines (NGCP), at ang Retail Electricity Suppliers (RES) ay nagsisilbing mga ahente ng pagkolekta. Ang mga nalikom ay mapupunta sa pondo ng FIT-All na pinamamahalaan ng National Transmission Corporation (TransCo).



PHOTO COURTESY: uhyhn.co.nz

WALANG KURYENTE SA SAN FELIPE AT CABANGAN

Sa mga konsyuner ng bayan ng San Felipe at Cabangan, nawalan ba kayo ng kuryente noong ika 23 ng Nobyembre taong 2021? Ilang oras at ano ang sanhi nito?

Taun-taon isinasagawa ang *Preventive Maintenance* (PM) ng mga *power transformer* ng ZAMECO II. Ang ZAMECO II ay mayroong anim na *power transformer*, dalawang 10 MVA sa Calapacuan Substation sa Subic, isang 10 MVA sa Castillejos Substation, isang 10 MVA sa Linasin Substation sa San Marcelino, isang 10 MVA sa Ca-

buaan Substation sa San Narciso at isang 10 MVA sa Maloma Substation sa San Felipe. Noong ika-23 ng Nobyembre taong 2021, isinagawa ang PM ng Maloma Substation sa pangunguna ng Grey *Electrical Engineering Services*.

Ang PM ay naka iskedyl mula ika pito ng umaga hanggang ika lima ng hapon. Ang Maloma Substation ay ang nagsusuplay sa bayan ng San Felipe at Cabangan kaya't sila ang nakaranas ng maghapon na pagkaantala ng kuryente. Layon ng PM na tignan ang mga equipment lalo na ang

power transformer kung ito ay nasa maayos pang kondisyon o kailangan na bang palitan.

Hindi pinalagpas ng ZAMECO II ang pagkakataon na ito. Nagsagawa na rin ng malawakang *Clearing Operation* ang *maintenance group* para sa pagti-trim ng mga sanga ng puno. Nagpalit naman ng apat na lumang poste ang *construction group* sa bayan ng Cabangan at dalawang lumang poste sa bayan ng San Felipe.

RURAL POWER PROJECTS NG ZAMECO II, INUMPISAHAN NA!

Kalagitnaan ng Disyembre, taong 2021, inumpisahan na ng ZAMECO II ang mga proyekto sa ilalim ng *Energy Regulation* No 1-94 or ER1-94 alinsunod sa Section 5 (i) ng Republic Act No. 7638 o tinatawag na "*Department of Energy Act of 1992*."

Setyembre ng nakaraang taon, inianunsiyo ng ZAMECO II ang pag iimbita sa mga kontraktor para sa mga nais makilahok sa Public Bidding para sa mga proyektong ito. Kalauna'y nagwagi at nakuha ni Interlink Power Corporation ang anim na proyekto para sa buong prangkisa ng ZAMECO II. Ang mga proyektong ito ay ang mga sumusunod:

1. *Reconductoring of Three Phase Line from Nagbayan Arko to Looc, Castillejos*
2. *Reconductoring of Three Phase Line from Nagbayan Arko to Angeles, San Antonio*
3. *Conversion of Single Phase Line to Three Phase Line at Forestry, La Paz, San Narciso*

4. *Reconductoring of Three Phase Line from Central (Market) to San Rafael, San Marcelino*

5. *Reconductoring of Single Phase Line from Delta 8 (San Rafael) to Aglao, San Marcelino*

6. *Reconductoring of Single Phase Line from Aglao to Buhawen, San Marcelino*

Isa si Interlink Power Corporation sa mga *accredited contractor* ni ZAMECO II na gumagawa ng mga upgrades para sa *distribution line*. Ilan sa mga ito ang *Reconductoring of Lines, Relocation of Lines at Clustering Project*. Dalawa sa anim na proyekto ang sinimulan na ng Interlink Power Corporation nitong Disyembre ng nakaraang taon, ang *Reconductoring of Single Phase Line from Delta 8 (San Rafael) to Aglao, San Marcelino* at *Reconductoring of Single Phase Line from Aglao to Buhawen, San Marcelino*. Sakop ng dalawang proyekto na mapalitan ang kawad ng kuryente, magtayo ng mga bagong poste na

sunod sa daan at pagpapalit ng mga lumang kahoy na poste mula San Rafael hanggang Buhawen, San Marcelino.

Asahan na makakaranas ng series of interruption ang mga nasabing lugar kapag naumpisahan na itong mga proyekto na ito. Ito nama'y iaanunsiyo sa official Facebook Page ng Zambales II Electric Cooperative, Inc. at Radyo Kidlat para makapaghandang mga apektadong konsyumer. Mangyari lamang na i-like ang mga nasabing page para makita agad ang mga anunsiyo.

Ang mga proyektong ito ay may layuning mapalitan ang mga lumang kawad ng may mas malaking kapasidad na makapag suplay ng kuryente, mapalitan ang mga lumang poste at *insulator*, at mag-upgrade ng linya upang mapalitan ang lumalaking bilang ng konsyumer ng ZAMECO II.

KAUNA-UNAHANG KONSYERTO SA RADYO NG 98.3 RADYO KIDLAT, ISINAGAWA

Oktubre 09, 2021 nang isagawa ng 98.3 Radyo Kidlat ang kauna-unahang konsyerto sa radyo kung saan sampung singing MCO idols ang nagpamalas ng galing sa pag-awit.

Sa pamamagitan ng opisyal na facebook page ng Zambales II Electric Cooperative, Inc., 98.3 Radyo Kidlat at sa pag-aanunsyo ng mga DJs nito sa radyo, nai-pagbigay-alam sa mga MCOs ng

ZAMECO II ang nasabing patimpalak. Mula sa mga MCOs na nagpasa ng audition videos, pumili ang mga hurado ng sampung finalists. Ang audition videos ng mga nasabing finalists ay inilagay sa opisyal na facebook page ng 98.3 Radyo Kidlat. Sa pamamagitan ng pagbibilang ng mga reactions sa kanilang audition videos, malalaman kung sino ang mananalo ng MCO Choice/*Favorite Award*.

Sa mismong araw ng finals, nag-perform ang mga finalists sa loob mismo ng studio ng 98.3 Radyo Kidlat. Sila ay sinamahan ni DJ Lance. Napanood ang kanilang performance ng live sa facebook at narinig on-air sa pamamagitan ng 98.3 Radyo Kidlat.

Oktubre 14, 2021 nang ipinahayag ang naging resulta ng patimpalak sa pamamagitan din ng facebook live. Narito ang naging resulta:

MCO singing Champion

- Ronie Cataros (Castillejos)

1st Runner Up

- Barbara Misto (Subic)

2nd Runner Up

- Laura Pamela Esteban (Subic)
- Lorena Ducos (Subic)

Finalists

- Richard Sumido
- Aida Azaña
- Rachel Tolentino
- Wennie Balaba
- Arlyn Lozano
- Glenn Flores

MCO Choice

- Laura Pamela Esteban (Subic)



BIDDING NG ZAMECO II PARA SA DISPOSAL NG MGA JUNK MATERIALS, NAGING MATAGUMPAY

Noong Setyembre 14, 2021, nagsagawa ng resolusyon ang mga Board of Directors ng ZAMECO II para sa mga disposal ng junk o scrap materials. Kabilang na rin ang mga iba pang kagamitan tulad ng mga busted transformers at kilowatt-hour meters. Ang pangasiwaan ng ZAMECO II ay sumulat sa National Electrification Administration o NEA upang humingi ng tulong na siyasatin ang mga disposal ng junk/scrap materials. Agad na nagpadala ang NEA ng kanilang kawani



na si Rodolfo B. Calas – ECOSAD, ECAD noong Nobyembre 16, 2021 at siyang nagsuri sa mga junk materials ng kooperatiba. Sa pangunguna ni ZAMECO II Disposal Committee Chairman Dario Alumpe (Area Operation South - Manager) ay naitakda ang iskedyul ng *bidding* para sa mga nais na sumali. Nailathala

naman sa pahayagan ng *The Philippine Star* noong Disyembre 5, 2021 ang paanyaya ng ZAMECO II para sa bidding ng mga junk materials. Noong Disyembre 23, 2021, naidaos ang bidding ng junk materials sa Consumer Hall, ZAMECO II Main Office Building sa ganap na ika-2 ng hapon. Ang bidding ay sinalihan ng

pitong (7) kontraktor at napagwagian ni Payumo Dry Goods na may pinakamatass na bid proposal sa kabuuang Php 2,031,000.00. Ang napagtagumpayang halaga ng bidding proposal ay gagamiting karagdang pondo ng ZAMECO II para sa mga programa nito sa pagsasaayos ng serbisyo ng kuryente.

ANO ANG DAPAT GAWIN KAPAG MAY LINDOL?

Dumadalas ang mga nararansan nating lindol mula ng nakaraan taon kung kaya't mas mainam na dapat ay laging handa. Ano nga ba ang dapat gawin kapag dumating ang ganitong kalamidad?

1. Kung nasa loob ng bahay sa oras na lumindol at may mga kagamitan na maaaring mahulog o mabasag, magtago sa ilalim ng matibay na mesa at takpan din ang ulo ng anumang bagay na maaaring gamiting pangprotekta rito. Kung malakas ang lindol, huwag magmamadaling lumabas ng bahay. Lumabas ng bahay kapag tumigil na ang lindol habang alerto sa maaaring mahulog na mga kagamitan. Kung kailangang lumikas, isara ang switch ng gas at patayin ang breaker ng kuryente upang

- maiwasan ang anumang sunog.
2. Kung nasa labas naman ng bahay sa oras na lumindol, lumayo sa mga gusali at mga poste na maaaring mahulog o mabasag. Pumunta sa ligtas na lugar.
3. Kung nasa tabing dagat o ilog, lumayo rito at pumunta sa mataas at ligtas na lugar dahil maaaring magkaroon ng pagtaas ng tubig o tsunami.
4. Laging ihanda ang Emergency Kit o isang bag na dapat ay may lamang mga pagkain, tubig, gamot, pera, damit, hygiene kit, flashlight, lighter, radyo, cell-phone, guwantes, at iba pang bagay na kakailanganin sa paglikas.
5. Agad ding mangalap ng impormasyon pagkatapos ng lindol upang malaman kung ano ang

sitwasyon ng inyong lugar at kung kailangang lumikas o pumunta sa evacuation center na itinalaga.

Bago dumating ang kalamidad, mas mainam din na dapat ay napaghandaan na ito. Maliban sa Emergency Kit na dapat ay laging mayroon sa bahay, lagi ring manood o makinig sa mga balita ukol sa mga kalamidad upang mas lalong maging handa. Alamin kung sino ang mga dapat kontakin sakali mang magkaroon ng sakuna. Suriin din ang pagkakalagay ng telebisyon at iba pang mga kagamitan sa bahay at sikaping huwag itong matumba o malaglag kapag lumindol. Dapat ay wala ring kagamitan malapit sa kama upang maiwasan ang pagbagsak ng kahit anong bagay sa katawan kapag lumindol habang natutulog.

Ilan lamang ito sa mga paalala kapag dumating ang ganitong sakuna. Laging maging handa at maging alerto!

ANO ANG MAAARING GAWIN PARA MAIBSAN ANG LAGNAT?

Sa panahon ng pandemya, isa sa mga kinababahala ang pagkakaroon ng lagnat. Marami itong indikasyon ng iba't ibang sakit. Ito ay normal na reaksiyon ng katawan na kung saan isang senyales na paglaban nito sa virus o bakterya. Isa sa mga hakbang ay ang pagsuot ng preskong damit. Iwasan rin ang pagtalukbong o maaring magdagdag ng init sa katawan upang maiwasan ang lalong pagtaas ng lagnat na maaaring mauwi sa kombulsiyon

lalo na sa sanggol. Kailangan din natin magtrapo o mabilis at agarang pagligo upang makatulong sa pagpapababa ng temperatura. Tayo ay pinapayuhan din na uminom ng maraming tubig sapagka't sa pagakyat ng temperatura, kaakibat nito ang dehydration. Isa sa mga gamot na maaring mabili sa botika na walang reseta ay ang paracetamol na maaaring inumin, isang tableta (500mg) sa adult kada apat na oras Nasa leaflet naman o gabay ng medical practitioner na nasa

mga taong nasa 18 taon pababa ay hindi dapat lumagpas sa 400mg kada araw ang pagkonsumo nito at sa loob ng limang araw ay dapat na itong itigil. Hindi rin ito maaring isabay sa ibang gamot para sa sakit ng katawan at iba pang panglagnat tulad ng acetamenophen, ibuprofen, at mga gamot para sa sipon na may kasama ng paracetamol. Sa ikatlong araw ay kailangan ng kumonsulta sa doktor kung ang lagnat ay hindi bumababa at may iba pang sintomas.

PAGPUPUGAY PARA SA MGA SUNDALO NG PAILAW

Ika-dalawa ng buwan ng Agosto, 2021, ginanap ang pangalawang pagdiriwang ng Linemen Appreciation Day upang magbigay ng pagpupugay sa ating magiging at matatapang na linemen na nagbibigay- serbisyo sa ating 121 electric cooperatives at sa milyun-milyong member-consumer-owners natin sa iba't ibang rehiyon. Ginanap ang nasabing pagpupugay virtually dahil sa pandemya na ating pinagda-ranaan.

Dito sa ating kooperatiba, isinagawa ang nasabing aktibidades sa

pagkakaroon ng Lineman Rodeo na sinalihan ng mga line workers mula sa Technical Services Department (TSD), Area Operations Department North and South. Nahati ang kompetisyon sa tatlo, Knot-Tying Relay, Pole Climbing Relay at Pole Dressing. Nagwagi sa unang pwesto ang mga line workers mula sa TSD, ang AOD- North sa ikalawang pwesto at sinundan naman ng AOD- South sa ikatlong pwesto. Ang nasabing kompetisyon ay gaganapin na taun-taon sa ating kooperatiba kasabay ng taunang pagdiriwang ng Linemen Appreciation Day.

Ang Powerbloc sa kongreso na kinabibilangan ng PHILRECA Partylist ay naghain ng House Bill 472 upang madeklara ang Unang Lunes ng bawat taon na "National Linemen Appreciation Day" para sa pagpupugay sa mga Sundalo ng Pailaw para sa kanilang mga sakripisyo para sa mga konsyumer. Kasama din sa nasabing HB 472 ang pag-sasagawa ng mga convention para sa kanila upang patuloy na mas lumawak pa ang kanilang mga kaalaman sa kanilang trabaho kasabay ng nasabing petsa.

ZAMECO II HYMN WRITING COMPETITION

Buwan ng Setyembre taong 2021 nang ilunsad ng ZAMECO II ang kompetisyon para sa pagsusulat ng himno. Ito ay naglalayong makapili o makagawa ng orihinal na komposisyon na gagamitin ng kooperatiba bilang opisyal na himno nito.

Sa pamamagitan ng opisyal na facebook page ng ZAMECO II, nai-pagbigay-alam sa mga konsyumer ang nasabing kompetisyon. Naglabas din ng mga kwalipikasyon sa pagsali upang maging gabay ng mga lalahok sa pagbuo ng himno. Ang himno ay maaaring nasa wikang Ingles, Filipino o kombinasyon ng Ingles at Filipino. Maaari ring maglagay ng lokal na dayalekto, partikular na ang Ilokano

o Sambal. Kinakailangang sumasalamin sa prinsipyo at kahalagahan ng kooperatiba sa buhay ng mga Zambaleños sa nakalipas na 37 na taon ang mensahe o liriko ng himno.

Matapos ang itinalagang palugit para sa pagsusumite, 37 na orihinal na komposisyon ang masusing pinakinggan at sinuri ng mga hurado. Mabusising deliberasyon din ang kanilang ginawa upang mapili ang pinaka karapat-dapat manalo sa nasabing kompetisyon.

Oktubre 14, 2021 nang ipahayag ang mga nanalo. Narito ang listahan:

1st Place

- Himno ng ZAMECO by Jim Charles and Maricris Bueno

2nd Place

- Enlighten the World by K-Jell de Jesus and Grace Ramos

Consolation Prize

- Liwanag ng Buhay by Nico Robin and Jensen Fababier
- Dangal ng Zambaleño by Jayson Tadeo and Ronnie Baldos
- Liwanag Para sa Lahat by Renzo and Reynaldo Vadeviezo

Finalists

- ZAMECO II Hymn by 4 Notes
- Liwanag para sa Lahat by Vianica Kaye Israel
- Himno ZAMECO II by Jescel Quimen & Arriane Jezrel Fastidio



Larawan ni Mr. Jim Charles Morales na tumanggap ng 1st Place award para sa Himno ng ZAMECO II, kasama sina GM De Jesus, Mr. Henry Daquinag, Dr. Reynaldo De Jesus at Ms. Angelyn Antonio



PAGTITIPID SA PANAHON NG TAG-INIT

Kasabay ng tag-init ay ang pagtaas ng kuryente dulot ng madalas at tuluy-tuloy na paggamit ng electric fan, aircon, refrigerator at iba pang appliances na kadalasang ginagamit sa panahong ito. Bukod pa rito, ang pagtaas ng presyo ng coal ay labis din na nakaapekto sa pagtaas ng kuryente sa merkado. Kaya naman, heto ang ilan sa mga kuryentipid tips para sa tag-init.

- 1. Patayin o tanggalin sa saksakan ang lahat ng hindi ginagamit na electronics o appliances.** Nakakadagdag kasi ito sa pagtaas ng kuryente at maaari pang pagmulan ng sunog dahil sa init ng panahon.
- 2. Gumamit ng LED Lights.** Mas malaki ang matitipid kung ito ang gagamitin kumpara sa fluorescent bulb.
- 3. Limitahan ang pagbukas-sara sa refrigerator.** Kung may kasamang bata sa bahay, lagyan ng doorlock ang ref sa bandang itaas na hindi nito maaabot. Siguraduhing nakasara ito ng mabuti. Regular itong i-defrost sapagkat habang kumakapal ang pagyeyelo sa loob ng freezer o refrigerator ay dumadagdag ito sa trabaho ng compressor kaya lumalakas ang paggamit ng kuryente. Kung kaya ng budget, i-konsidera ang pagbili ng appliances na may inverter at no frost dahil matipid ito sa kuryente.

- 4. Regular na linisin ang electric fan at aircon filter.** Nahhirapan itong palamigin ang kwarto o ang bahay kung ito ay marumi at puno ng alikabok.
- 5. Isara ang mga pinto at bintana kapag gagamit ng aircon.** Ito ang isa sa mga nagpapataas ng kuryente tuwing tag-init dahil kung mas mainit at mas malaki ang lugar na palalamigin nito ay mas mataas ang makokonsumo nitong kuryente. Mainam din kung may timer ito upang malimitihan ang paggamit nito lalo na sa gabi. I-set lamang sa tamang lamig ang temperatura nito at huwag masyadong malamig. Maganda ring gumamit ng blinds o mga kurtina upang makabawas sa init na pumapasok sa loob ng bahay lalo na kung electric fan ang gustong gamiting upang lalong makatipid sa kuryente.
- 6. Magplantsa ng maramihan at hindi paisa-isa.** Mas makatipid kung isang bagsakan lamang ang pagpaplantsa, minsan sa isang linggo, dalawang linggo o isang buwan.
- 7. Samantalain ang init ng araw sa pagpapatuyo ng damit.** Kung mainit naman ang panahon, huwag ng gumamit ng dryer. Makakatipid ka rin sa pagpaplantsa dahil hindi na masyadong malulukot ang mga damit.

- 8. Magbayad bago ang due date ng electric bill.** Kapag hindi nakapagbayad hanggang sa itinakdang petsa ay maidadagdag ang surcharge nito na 3% sa susunod na bill. Lalo itong lalaki kung maraming bill ang iniwang hindi bayad dahil tuluy-tuloy ang surcharge nito kada buwan sa totalidad ng utang na hindi binabayaran. Sayang rin ang matitipid kung magbabayad sa tamang oras.
- 9. Magtulung-tulong ang buong pamilya na magtipid sa kuryente.** Mainam kung ang lahat ng nasa bahay ay marunong magtipid ng kuryente at hindi iisang tao lang upang lalong mas makatipid sa kuryente.
- 10. Kung sa tingin mo ay nagtipid ka ngunit mataas pa rin ang bill, i-check ang mga wires kung grounded o kaya ang metro kung ito ay maayos na gumagana.** Patayin ang main switch ng kuryente at i-check ang metro kung lumalakad pa rin ang reading nito. Kung patuloy itong tumataas ngunit nakapatay na ang main switch, ipa-check na agad sa electrician dahil posibleng grounded ang ilang wirings sa bahay. Magpaturo rin sa mga service centers ng ZAMECO II kung paano ang pag-compute sa nakonsumong kuryente dahil isa sa nagpapataas nito ay ang *Generation Charge* kung saan binibili ng kooperatiba ang kuryente.

IEC PROGRAM PATULOY SA KABILA NG PANDEMIC

Disyembre 2021, sinimulang muli ang Information, Education and Communication (IEC) Program para sa mga Member-Consumer-Owners (MCO) ng ZAMECO II.

Parte ng IEC program ang Barangay Meeting na kung saan tinitipon ang mga MCO sa isang barangay upang ganapin ang pagpupulong. Kasama ang mga empleyado ng Consumer Division, ito ang paraan ng ZAMECO II upang maibahagi sa



mga MCO's ang updates sa mga operasyon nito lalo na sa aspeto ng Financial, Technical, at Institutional (Membership) operation ng kooperatiba. Kasama sa mga usapin ang tungkol sa Rights and Responsibilities ng MCO, pagtaas ng singil ng kuryente (Generation), bahagi ng Statement of Account, Disconnection Policy, Amnesty Program, mga uri at rason ng Power Interruption,

Membership, Application at Change Name, at Senior Citizen Discount.

Sa paraan na ito, nabibigyan ng updates ang mga consumers ng ZAMECO II. Mabibigyan din sila ng pagkakataon na makapagtanong at makapagsalita ng kanilang mga ninanais sabihin.

Ang Barangay Meeting ay maaaring maging Pre-Membership Seminar para sa mga nais magpakabit

ng kuryente na isa rin sa mga requirements na hinihingi ng ZAMECO II kapag mag a-apply ng bagong koneksyon.

Mahigpit pa ring ipinapatupad ang pagsunod sa minimum health protocol gaya ng body temperature checking, contact tracing (attendance), pagbibigay ng facemask, pagsunod sa social distancing at venue capacity at paghihiikayat ng hand sanitation.

PROGRAMANG AMNESTIYA, EXTENDED HANGGANG JULY 17, 2022!

Ngayong darating na ika-16 ng Enero taong 2022 ang nakatakda sanang pagtatapos ng programang Amnestiya ngunit napagdesisyonan ng pamunuan ng Zameco II na i-extend ito mula Enero 17, 2022 hanggang Hulyo 17, 2022 para sa mga delinquent member-consumer-owners (MCOs) na nagnanais humabol sa pag-avail ng nasa-bing programa.

Hulyo 16 ng nakaraang taon nang muling isinagawa ng ZAMECO II ang Amnesty Program na naglalayong magbigay ng tulong at oportunidad sa delinquent MCO ng kooperatiba. Ang programang ito ay para sa mga nagnanais na magkaroon ulit ng koneksiyon ng kuryente na naputulan ng serbisyo anim (6) na buwan o higit pa na hindi na kailangan pang bayaran ang naipong sur-

charge o interest. Ang kinakailangan lamang ay mabayaran ng buo ang lahat ng mga naiwang pagkakautang ng minsan o one-time payment.

Ang lahat ng miyembro ng kooperatiba na kwalipikado sa programang ito ay maaring magbayad sa lahat ng Service Center ng ZAMECO II.



ZAMECO II FRAUD HOTLINE - 09296642424

Noong July 9, 2021 ay naaprubahan ng Board of Directors ng ZAMECO II ang isang "FRAUD HOTLINE" na magiging katulong ng kooperatiba upang magsiwalat ng mga ilegal na gawain. Layunin ng programang ito na sa pamunuan ng ZAMECO II ay maitaguyod ang pinakamataas na pamantayan ng tapat at etikal na pag-uugali at upang mapanatili ang mabuting responsibilidad ng empleyado ukol sa trabaho, pondo, at ari-arian ng kumpanya. Nilalayan nitong tuklasin ang anumang pandaraya at pigilan ang anumang pagkakataon na kinasasangkutan ng mga ilegal na aktibidad hindi lang ng mga mcos pati nari ng mga empleyado

ng ZAMECO II. Ito ay magiging patakaran ng kooperatiba sa pamamahala ng responsibilidad para sa pagtuklas sa pandaraya, maling paggamit at iba pang mga iregularidad. Nalalapat din ito sa alinmang pinaghihinalaang maling gawain na kinasasangkutan din ng mga empleyado kabilang ang mga aktibidad sa labas at iba pang gawaing paglabag na nauugnay sa mga patakaran ng kooperatiba.

Lahat ng mga ulat na ginawa sa hotline ay ituturing na kompidensyal. Gayunpaman, ang pagiging kompidensiyal na ito ay hindi ganap dahil sa legal o iba pang mga kinakailangan (halimbawa ang pagtuklas sa paglilitis, pagsisiya-

sat ng gobyerno, atbp.) at mga sitwasyon kung saan kakailanganin ng ZAMECO II na gamitin ang impormasyon upang protektahan ang interes ng kooperatiba.

Ang Internal Audit Department (IAD) ay ang mangangasiwa ng "FRAUD HOTLINE" sa pamumuno ni Engr. John E. Ragadio at mga kasamahan nito. Ang mobile hotline number 09296642424 ay handang tumanggap ng mga text messages at tawag mula 7:30 AM hanggang 5:00 PM (Lunes hanggang Biyernes).

EDITORIAL STAFF

Editorial Board

Engr. Romwil F. De Jesus
Department Managers
Board of Directors

Managing Editor

Angelyn N. Antonio, CPA

Writers

Dianne U. del Rosario
Remuel P. Serafica
Sherleen B. Gallardo, CPA
Alvir Del Rosario
Engr. Erika Ana B. Macahilas
Maricar T. Macaraig
Gianina Edrea Ma. D. Gomez
Engr. Arjay F. Aquino
Triszha Mae A. Monforte, CPA
Randolph S. Labagao
Ryan Owen M. Cariño
Sandi Sheanne A. Young

Graphic Artists / Editors

Renald Freal
John Temothy D. Pullido
Michael Paul O. Bautista